Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-24 NG MAYO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 10-2021**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGMAMANDATO SA PAGSUSUMITE NG CERTIFICATE OF APPROVAL MULA SA PAMUNUAN NG FETODAMBI AT CERTIFICATE OF RECOMMENDATION MULA SA PANGULO NG TODA PARA SA APLIKASYON NG PAGKAKALOOB NG PRANGKISA SA SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA MGA DE MOTOR NA UPAHANG SASAKYANG TRICYCLE.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,**
**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng Pilipinas, na tungkulin ng bawat Pamahalaang Lokal na magtaguyod ng mga programa at proyektong magsusulong ng kagalingang panlahat;

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 17(4)(I) ng kaparehong kodigo na gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagtitiyak ng pagkakaroon ng sapat na pasilidad pang-transportasyon para sa mga mamamaya nito;

**SAPAGKAT,** batay pa rin sa Seksyon 458(3) (VI) ng Republic Act No. 7160 na nagtatadhana nang pagpapailalim sa itinakdang pangpatnubay ng Kagawaran ng Transportasyon, ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihang ayusin ang operasyon ng mga tricycle at magkaloob ng Prangkisa para sa operasyon nito sa teritoryong nasasakop ng lungsod;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa adhikain ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagsasaayos ng daloy ng trapiko sa Lungsod, gayundin ang pagbabalangkas ng napapanahong sistema ng transportasyon sa pamamagitan ng pagbalangkas ng mga polisiya ukol dito;

**SAPAGKAT,** pinagtibay ng mabunying Sangguniang Panlungsod ang Kautusang Bayan Blg. 15-2001 o' mas kilala sa tawag na "Ang Bagong Patakaran at Alituntunin para sa kaayusan ng trapiko sa Bayan ng Malolos, Bulacan na nagtatadhana ng mga posisyon ukol sa pagkakaloob ng prangkisa sa mga Tricycle at Pedicab sa Lungsod;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Sangguniang Panlungsod at ng Pamahalaang Panlungsod ang mahalagang gampanin at tungkulin ng FETODAMBI sa pagsasaayos at sa regulasyon ng mga pampasaherong tricycle at ang mahalagang layunin ng kooperasyon at pagtutulungan ng samahan at ng mga namumuno sa Lungsod, upang mapalakas ang sektor na ito at sa ikakatagumpay ng mabuting layuning mai-angat ang antas ng kabuhayan ng mga kasapi ng TODA.

**SEKSYON 1 -** Minamandato ang pagsusumite ng Certificate of Approval mula sa FETODAMBI at Certificate of Recommendation mula sa Pangulo ng TODA na nakakasakop sa nasabing sona para sa aplikasyon ng prangkisa sa Sangguniang Panlungsod ng mga de motor na sasakyang tricycle na nagnanais na mamasada sa Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 2 - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** – Ang anumang bahagi o' probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 3 - KABISAAN** – Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

****KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

****KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

****KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

****KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

****KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD –Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
June 17, 2021
**Petsa ng Pagtitibay:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo
**sumang-ayon pero mayroong reserbasyon

DhorieTrogo(SDC2)*05252021